Mensahe Para sa mga Gagamit ng Diksiyonaryong Ito

Kami ay nagsimulang magsiyasat tungkol sa pag-aaral ng mga batang dayuhan na naninirahan sa Tochigi noong panahon ng tag-lagas ng taong 2004 .

Sa pamamagitan ng pagsisiyasat na ito nalaman namin ang kasalukuyang situwasyon ng pag-aaral ng mga batang ito.

Habang ipinagpapatuloy namin ang aming mga gawain tungkol sa paghubog sa kakayahan ng mga tao upang magkaroon sila ng kakayahang tugunan ang mga pagsubok at pangangailangan ng globalisasyon, at ang mga pagtulong pampurok, binago namin ang anyo ng nasabing pagsisiyasat at ginawa itong 'Proyektong HANDS' na may layunin na itaguyod ang pag-aaral ng mga batang dayuhan para maihanda sila para sa isang multicultural na lipunan at global na edukasyon. May apat na taon na ang lumipas simula sa pagbabagong ito.

Ang diksiyonaryong ito ay ipinamimigay ng libre sa mga mag-aaral sa lahat ng mababa at mataas ng paaralan sa Tochigi. Kami ay naniniwala na ito ay magiging isang mahalagang gabay sa pag-aaral ng mga batang gumagamit ng wikang Filipino, at pati na rin ng mga batang bumalik na sa Pilipinas.

Proyektong HANDS